SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 05, 2024, LUNES, IKA-09:22 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.


OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME Mai DATE 02/26/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 26 FEB 3 2024 Santa Cruz, Laguna


DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President may karamdaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 051-T2024**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA SI ENRIQUE C. SOBREPEÑA, SR., NAGTATAG NG UNION COLLEGE OF LAGUNA DAHIL SA KANYANG NAIAMBAG SA BAYANG ITO AT ANG PAGTATAGUYOD SA KARAPATANG PANTAO NG MGA MAMAMAYAN DITO.**

**SAPAGKAT,** tungkulin ng Pamahalaan na palawigin ang kaalaman at tuwirin ang katotohanan ng kasaysayan ng bayan, nasyunal o lokal; bantayan at pangalagaan ang mga kayamanang pangkultura na magpapalakas sa nasyunalismo ng mga mamamayan, pagmamahal sa bayan, paggalang sa alaala ng mga bayani, at pag-ibayuhin ang pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba ng gawi, tradisyon, at katutubong wika;

**SAPAGKAT,** ang nagawa para sa bayan ni Enrique C. Sobrepeña, Sr. ay halimbawa ng pagsasawalang-bahala sa sariling buhay at pagsasa-alang-alang sa kalayaan at karapatan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang pangyayaring ito ay nagpapahayag ng katapangan at karunungan ng ating lahi, at husay sa pakikipag-laban at paninindigan;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Seksyon 14, 15, 16 at 17, Artikulo XIV ng Saligang Batas ng taong 1987 na dapat pangasiwaan ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at makabuluhang ebolusyon ng kulturang Pilipino base sa prinsipyo ng pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba (unity in diversity), sa malayang lipunan;

**SAPAGKAT**, isinilang si Enrique C. Sobrepeña noong Marso 2, 1899 sa Bauang, La Union at nagtamo ng karangalan sa pag-aaral doon; nagtapos ng Land Surveying mula sa Philippine School of Arts and Trade sa Maynila noong 1918, at naglingkod sa pamahalaan bilang Junior Land Surveyor;

**SAPAGKAT**, nag-aral siya sa Macalester College, Saint Paul, Minnesota noong 1920, sa Dalubhasaan ng Princeton Theological Seminary, New Jersey, na nakamit niya ang Master's Degree;

**SAPAGKAT,** nakamit niya ang Doctor of Law sa Macalester College, 1937, at Doctor of Divinity mula sa Central University of the Philippines;

**SAPAGKAT**, bilang youth leader, kanyang itinatag ang Filipino Triangle Club sa Saint Paul, Minnesota, Church of the Filipinos sa Brooklyn, New York, at ang Filipino Students Christian Movement sa Estados Unidos sa patnubay ng Young Men's Christian Organization;

**SAPAGKAT**, kanyang binuo ang Evangelical Youth Fellowship sa Pilipinas, nanguna sa pagpapalaganap ng ebanghelyo at sa pangangaral ng misyon, dahilan upang tawagin siyang Martin Luther ng Pilipinas;

**SAPAGKAT,** hinirang siyang delegado sa Constitutional Convention noong 1935, na gumuhit ng Saligang Batas na pinairal ng Komonwelt ng Pilipinas mula 1935 hanggang 1973;

**SAPAGKAT,** sa kanyang pangunguna sa pagtatatag ng United Evangelical Church na kalaunan ay tinawag na United Church of Christ in the Philippines (UCCP), siya ay nagsilbing Obispo;

**SAPAGKAT**, ang UCCP ang pinakatanyag na grupo ng nagkakaisang simbahan ng iba't-ibang denominasyon na nagsusulong ng katarungang panglipunan, pulitika at ekonomiya kabilang ang karapatan ng kababaihan at sektor ng LGBT (Lesbian, Gay, Bisexual and Transgender);

Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 051-T2024



**SAPAGKAT,** isa siya sa bumuo ng Philippine Federation of Christian Churches, na ngayon ay National Council of Churches in the Philippines;

**SAPAGKAT**, isa siya sa nagtatag at nahirang na chairman ng East Asia Christian Conference;

**SAPAGKAT**, siya ay itinalagang Chaplain sa Reserve Force ng Philippine Army na ginawaran ng Ranggong Kapitan ng 21st Field Artillery Regimen noong Disyembre 13, 1941 at Ranggong Major noong Pebrero 10, 1942;

**SAPAGKAT**, siya ay kasapi ng Central Committee ng World Council of Churches;

**SAPAGKAT,** siya ay marubdob na tagasulong ng International Ecumenical Council;

**SAPAGKAT**, nanguna si G. Enrique Sobrepeña, Sr. sa pagtatatag ng Union College of Manila na layuning mabigyang pagkakataon at karapatan ang mga walang kakayahang makapag-aral sa Maynila;

**SAPAGKAT**, naging modelo ng Philippine Christian University), La Union Christian College sa San Fernando, Northern Christian College sa Laoag City, Philippine Wesleyan College sa Cabanatuan City, at Trinity College of Quezon City;

**SAPAGKAT,** kanyang itinatag ang Union College of Laguna sa Santa Cruz, Laguna, noong 1947 na; na malapit sa kanyang puso kaya't minarapat niyang manatili upang mamahala nito, at ang kanyang pamilya ang nagpatuloy na namahala nang siya ay namatay noong Mayo 7, 1978;

**SAPAGKAT**, sa pakikipag-ugnayan at tulong mula National Historical Commission of the Philippines (NHCP) at Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna, ang pamahalaang lokal ng Santa Cruz ay maglalagay ng makasaysayang pananda ( Historical Marker) ang monument ni Enrique Sobrepeña, Sr. at ang Union College of Laguna.

**,SAPAGKA'T**, batay sa Kautusang Bayan Blg. 017-T2019, kinikilala ang mga makasaysayan at minanang kultura, kasama ang mga lugar, tao, gamit at pag-aari ng pamahalaan, nakikita man o hindi, na sumasakop sa bayan ng Santa Cruz, Laguna upang magsilbing buhay na kasaysayan sa paglipas ng panahon.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Mark Anthony M. Juangco (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Kilalanin si Enrique C. Sobrepeña, Sr., nagtatag ng Union College of Laguna dahil sa kanyang naiambag para sa bayang ito at ang pagtataguyod sa Karapatang Pantao ng mga mamamayan nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Lupon sa Turismo, Kultura at Sining, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Laguna Provincial, Culture, Arts and Trade Office, National Commission for Culture and the Arts, National Historical Commission of the Philippines, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 05, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

2/28/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan